

عبداتي




PAGSAMBA KO

IBĀDATI

Ang Kalinisan ko, Pagdarasal at Qur'ān para sa mga Baguhan





عبدتی

Ang Pagsamba Ko

Kalinisan, Pagdarasal at Qur'an Para sa Mga Baguhan

Ni

Mashhoor Muhammad AlSuhaibi

South Jeddah Dawah Center -

Women's Section

فَلَبِينِي



بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang
Maawain

Ibādati – Kalinisan, Pagdarasal at Qur'ān para sa mga Baguhan

Email: Mashhoor_Suhaibi@hotmail.com
Jeddah, KSA

| | |
|---|-----------|
| Mga Nilalaman | |
| Mga Simbolo | 3 |
| Panimula | 4 |
| YUNIT 1 – Ang Kalinisan Ko | 5 |
| Mga Karumihan | 6 |
| Mga Uri ng Tubig | 7 |
| Mga Kabutihan ng Kalinisan..... | 7 |
| Paraan ng <i>Wudu'</i> | 8 |
| Pagkatapos ng <i>Wudu'</i> Paggugunita | 10 |
| Mga Kundisyon ng <i>Wudu</i> | 11 |
| Mga Haligi ng <i>Wudu</i> | 11 |
| Mga Nakasisira ng <i>Wudu</i> | 12 |
| Paraan ng Paliligo - <i>Ghusl</i> | 13 |
| Tayammum – Paggamit ng Lupa sa Paglilinis..... | 14 |
| Kailan dapat mag- <i>tayammum</i> ?..... | 14 |
| Kailan nasisira ang <i>tayammum</i> at kailan ito ipinahihintulot?..... | 14 |
| Paraan ng <i>Tayammum</i> ? | 14 |
| Pagpunas sa balat na medyas (Khuff)..... | 15 |
| Mga Kundisyon sa pagpunas sa medyas | 15 |
| Paraan ng pagbunas sa medyas | 15 |
| Regla at Pagdurugo sa Panganganak | 16 |
| Haba ng Panahon sa pagri-regla at Pagdurugo sa Panganganak..... | 16 |
| <i>Al-Istihādah</i> | 16 |
| Ang Babae na may <i>istihādah</i> ay <i>Mustahādah</i> , mayroon itong Tatalong Kalagayan | 16 |
| Mga Pagsasanay | 17 |
| YUNIT 2 – Ang PagdaraSal Ko | 21 |
| PagdaraSal ay Ubligado | 22 |
| Mga Oras ng PagdaraSal | 22 |
| Ang PagdaraSal ba ay Pabigat o Biyaya? | 23 |
| Mga Kundisyong Kailangan Bago ang <i>Salāh</i> | 24 |
| Paraan ng <i>Salāh</i> (Bai-baitang)..... | 25 |

| | |
|--|-----------|
| Mga Rak'ah ng Ubligadong Pagdarasal | 37 |
| Paano Makamit ang Pagmamahal ni Allah? | 37 |
| Mga Nakasisira sa Pagdarasal (<i>Salāh</i>) | 38 |
| Mga Pagsasanay | 39 |
| YUNIT 3 – Ang Qur'an Ko | 42 |
| Mga Pagsasanay | 54 |
| Listahan sa Ibādah ng Baguhan | 56 |

Simbolo

Kahulugan – *Transliteration*



Makapangyarin at Kapita-pitagan
Azza wa Jal



Sumakanya nawa ang basbas ni Allāh at kapayapaan
Salal-lāhu alīhi wa sal-lam



Sumakanya nawa ang kapayapaan
Alaihis-Salām



Kalugdan nawa siya ni Allāh
Radiyal-lāhu Anhu



Kalugdan nawa sila ni Allāh
Radiyal-lāhu Anhum

Paunang Salita

Ang papuri ay para kay Allāh ﷺ, pinapupurihan natin Siya at hinihingan ng kapatawaran; ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay ukol sa Propeta Niyang si Muhammad.

Sinabi ni Allāh: (O mga tao, sambahin ninyo ang Panginoon ninyong lumikha sa inyo at sa mga mula sa nauna sa inyo nang sa gayon kayo ay mangingilag magkasala, na gumawa para sa inyo ng lupa bilang himlayan at ng langit bilang silong, at nagbaba mula sa langit ng tubig kaya nagpaluwal Siya sa pamamagitan nito ng mga bunga bilang panustos para sa inyo. Kaya huwag kayong gumawa para kay Allāh ng mga kaagaw samantalang kayo ay nakaalam.) (Ang Marangal na Qur’ān 2:21-22)

Kapag mahal mo ang isang tao, nagsusumikap kang makamit ang pagmamahal niya’t kasiyahan. Nakikita natin ang riyalidad na isinasantabi ng isang nagmamahal ang kaginhawahan, kayamanan, kalusugan at maaaring maging ang buhay niya alang-alang sa minamahal niya. Ihambing mo ito sa pagmamahal at pagsamba kay Allah, na dahilan ng kaginhawahan, kayamanan, kalusugan at buhay. Kaya, hindi ba natin mamahalin si Allah? Ang ating kaligayahan, kasiyahan, pag-asa, kasaganaan at katiwasayan ay sa pamamagitan ng paglapit kay Allah. Ang kasalungat naman, paghihirap, pagkalugi, kainipan at kalungkutan ay dahil sa panghihimagsik laban sa Kanya.

Sinabi ni Allāh: (Ang sinumang bumaling palayo sa pag-alaala sa Akin ay tunay na magkakaroon siya ng isang masikip na pamumuhay. lipunin Namin siya sa araw ng pagbangon na isang bulag.) (The Noble Qur’ān 20:124)

Kaya, kailangan nating sambahin si Allah, ang may-ari ng kapanatagan at tagumpay; ang nagkakaloob sa atin ng maraming mga kagadahang-loob. Sinabi ni Allah: (Kung bibilingan ninyo ang biyaya ni Allāh, hindi ninyo ito masasaklawan.) (Ang Marangal na Qur’ān 16:18)

Hindi ba natin naiisip na bawat bahagi ng katawan at pandamdam ay dahil kay Allah? Kung ang anumang bahaging ito na kagaya sa baga, bato, tiyan o anumang bahagi ay pumalya nang kahit bahagya, hindi ba naiisip natin kung gaano kaabang-aba ang buhay natin? Kung paanong iniingatan natin, minamahal at sinusunod ang taong kagaya natin nang dahil sa mga maliliit na pabor sa atin, tama bang isawalang-bahala ang Isa na hindi mabilang ang mga pabor?

Nang inutusan tayo ni Allah na sambahin lamang Siya, itinuturo Niya sa atin ang kapakipakinabang sa atin sa buhay na ito at kabilang-buhay. Kailangan nating malaman na hindi nangangailangan si Allah ng pagsamba natin; bagkus tayo ang nangangailangang sumamba sa Kanya lamang.

Sinabi ng Propeta na sinabi ni Allah: (O mga alipin ko, kahit ang nauna sa inyo at ang huli sa inyo at mga tao sa inyo at mga jinn sa inyo ay naging pinakamapangilag sa pagkakasala na puso ng isang lalaki sa inyo, hindi ito makapagdaragdag ng anuman sa kapangyarihan ko.) (Muslim)

Ang nakalulungkot, ang mga tao'y lumalayo sa landas na nais ni Allah at nahuhumaling sa pansamantala’t mapandayang ganda ng mundong ito. Ang marunong na tao ay ang nakakabatid sa layunin ng buhay na ito at nagpupunyaging makamit ito.

Sinabi ni Allah: (Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kundi upang sambahin nila Ako.) (Ang Marangal na Qur’ān 51:56)

Patnubayan nawa tayo ni Allah, tulungan at patatagin sa nakalulugod na landas ng Propeta hanggang sa makakatagpo natin Siya.



1

Ang Kalinisan Ko

Ang paglilinis ay ang pagtatanggal ng (pang-espirituwal) na mga karumihan at paglilinis ng katawan, damit at lugar na pagdadasalan.

Ang pang-espirituwal na karumihan ay ang kalagayan ng isang tao na hindi maaaring makapagdasal. Mayroon itong dalawang uri



Ang Propeta ay nagsabi: "Hindi tatanggapin ni Allāh ang pagdarausal ng sinuman sa inyo kapag siya ay nakagawa ng *Hadath* (pagdumi, pag-ihhi o pag-utot) hanggang siya ay mag-wudu." (Al-Bukhārī & Muslim)

Maingat ang mga Muslim sa paglilinis ng mga katawan nila sa anumang karumihan. Gayundin, pinahahalagahan ng mga Muslim ang pagpapadalisan at paglilinis ng mga sarili nila mula sa mga karumihan ng mga kasalanan, kathang aral at pagtambal sa pamamagitan ng tauspusong pagbabalikloob kay Allāh.

MGA URI NG TUBIG

Ang tubig ay dalawang uri

1. Tubig na dalisay (Tahur)

Ang uring ito ng tubig ay nananatili ang pangunahing mga katangian. Ang halimbawa nito ay ang ulan, niyebe, dagat, ilog, bukal at balon. Ang ganitong uri ng tubig ay maaaring ipang-wudu at inumin.



2. Tubig na marumi (Najis)

Ang uring ito ng tubig ay maaaring nabago ang pangunahin nitong mga katangian: kulay, amoy o lasa. Ito'y nangyayari kapag kapag nahaluan ng mga dumi kagaya sa tae, ihi, dugo o bangkay. Ipinagbabawal itong gamitin sa pagwu-wudu o pag-inom. Itinuturing na walang bias ang wudu sa ganitong ng tubig.



Kung ang tubig lawa ay nagbago ang kulay, amoy o lasa na dahil sa mga dahon o buhangin sa lupa, hanggang ito ito'y itinuturing na tubig, ito ay malinis na gamitin. Maliban kung ang pagbabago ay dahil sa paghalo ng mga dumi kagaya sa imburnal o patay na hayop, ang tubig ay magiging marumi. Ngunit, kung ang dumi ay humalo sa tubig lawa na hindi naman nakapagpabago ng kulay, amoy o lasa, ang tubig na ito'y mananating malinis at magagamit sa paghuhugas (wudu.)

Mayroon bang kabutihan sa pagpapanatili ng kalinisan?

Inulat ni Abu Hurairah ﷺ: Sinabi ng Sugo ni Allāh ﷺ, “Kapag hinugasan ng isang Muslim o Mu’mín ang mukha niya, mawawala sa mukha niya ang mga kasalanan ng mata kasama ng tubig o kasama ng huling patak ng tubig; kapag hinugasan niya ang dalawang kamay niya, mawawala sa dalawang kamay niya ang bawat kasalanan ng mga kamay niya na kasama ng tubig o kasama ng huling patak ng tubig; kapag hinugasan niya ang dalawang paa niya, mawawala ang bawat kasalanan ng dalawa paa niya na kasama ng tubig o kasama ng huling patak ng tubig hanggang siya ay maging dalisay sa mga kasalanan.” (Muslim)



Inulat din ni Abu Hurairah ﷺ na sinabi ng Sugo ni Allāh ﷺ, “Ituturo ko ba sa inyo ang isang bagay na sa pamamagitan nito'y buburahin ni Allāh ang mga kasalanan at itinataas ang mga antas? Sinabi nila; “Opo, o Sugo ni Allāh” Sinabi niya: “Lubusang pagwu-wudu sa mahirap na kalagayan, dami ng mga hakbang sa mga mosque, paghihintay ng susunod na salah pagkatapos na maisagawa ang isang salah; at ito ang Ar-Ribat, at ito ang Ar-Ribat (pagtitiyaga).” (Muslim)

PAANO ISASAGAWA ANG PAGHUhugas - WUDU' (BAI-BAITANG)

ANG MGA SUMUSUNOD NA HAKBANG AY DAPAT ISAGAWA AYON SA PAGKAKASUNOD-SUNOD (tarteeb)

Sinabi ni Allāh: (O mga sumampalataya, kapag tumayo kayo papunta sa pagdarausal ay maghugas kayo ng mga mukha ninyo, mga kamay ninyo hanggang sa mga siko at humaplos kayo sa mga ulo ninyo at mga paa ninyo hanggang sa bukungbukong.) (The Noble Qur'ān 5:6)

⚠ Magkapareho ang mga hakbang na ito sa mga lalaki at babae



STEP 4**x3**

Hugasan ang buong mukha
mula sa nuo hanggang baba at
mula kaliwang pingol hanggang
kanan pingol.
(max. 3 times)

STEP 5**x3**

Hugasan ang mga kamay simula sa mga daliri
hanggang sa siko, kasama ang mga pagitan ng
mga daliri. Unahin ang kanang kamay.
(max. 3 times sa bawat kamay)

**STEP 6****x1**

Basain ang mga kamay at ipunas simula sa
harapan hanggang batok at pabalik sa harapan.
Hindi na basaing muli ang mga kamay,
punasan ang mga tainga sa pamamagitan
ng pagpapasok ng hintuturo sa loob nito at punasan
ng hinlalaki ang likod ng tainga (1 beses lamang)

**STEP 7****x3**

Hugasan ang mga paa hanggang
bukong-bukong at mga pagitan
ng daliri ng paa. Unahin ang
kanang paa.
(max. 3 times for each foot)



Pagkatapos ng wudu ay Sunnah (paraan ng Propeta) na bigkasin ang shahadah na ito:

STEP 8

أَشْهُدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ وَأَشْهُدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ
وَرَسُولُهُ

*Ash-hadu anllā ilāha illallāh wahdahu lā sharii kalah, wa ash-hadu
anna Muhammada abduhu wa rasooluh*

Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na nararapat sambahin maliban kay Allāh lamang, wala Siyang katambal at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay alipin at Sugo Niya. (Muslim)



Sinabi ni Uqbah ibn Āmir ﷺ na sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang sinuman sa inyo na nag-wudu at pinagbuti ang wudu at pagkatapos ay bibigkas ng: Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na nararapat sambahin maliban kay Allāh lamang, wala Siyang katambal at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay alipin ni Allāh at Sugo Niya, ang walong mga pinto ng Paraiso ay mabubuksan para sa kanya, papasok siya sa alinman sa mga ito na naisin niya.” (Muslim)

Paghuhugas - *Wudu'* – Mga Kundisyon

Dapat gawin ng isang Muslim ang susunod na mga kundisyon upang magkabisa ang *wudu'*:



Paghuhugas - *Wudu'*- Mga Haligi

Ang sumusunod na anim na mga haligi ay obigado; kung wala nito ang isa, ang hugas ay sira.

1. Paghuhugas ng mukha kasama ang bibig at ilong
2. Paghuhugas ng mga kamay hanggang siko
3. Pagpunas ng ulo kasama ang mga tainga
4. Paghuhugas ng mga paa hanggang bukong-bukong
5. *At-Tarteeb* – isagawa ito nang may pagkakasunod-sunod
6. *Al-Muwālāh* – huwag patagalin ang puwang sa pagitan ng mga bahaging hinuhugasan na kung saan ay natuyo na ang huling bahaging hinugasan.

⚠️ Ang kaibahan sa pagitan ng mga kundusyon at haligi ay:

Ang mga kundisyon ay bago pa ang wudu; samantalang ang mga haligi ay habang nagwu-wudu.

Ang Paghuhugas - *Wudu'*- Mga Nakasisira

Kapag nangyari ang isa sa mga sumusunod, ang wudu ay sira.

- 1 • Paglabas ng anuman mula sa pribadong bahagi (dumi, ihi, punlay, utot ...atbp)
- 2 • Pagkawala ng malay- mahimbing na tulog, nawalan ng malay, pagkabaliw or pagkalasing
- 3 • Pagkain ng karne ng kamelyo
- 4 • Paghawak sa pribadong bahagi
- 5 • Pagtalikod sa Islam



Hindi kailangan ang paghuhugas sa bawat pagdarausal habang hindi nangyari sa iyo ang alin man sa mga nakasisira ng wudu, maaari kang magdasal ng isang wudu nang higit isang pagdarausal. Halimbawa, kung nag-*wudu'* ka sa *Dhuhr* oras (tanghali) at hindi mo ito nasira hanggang sa padarausal ng *Ishā'*, maaari kang magdasal ng *Dhuhr*, *Asr*, *Magrib* at *Ishā'* ng iisa lamang na *wudu'*.

PAANO ISASAGAWA Paliligo - *Ghusl* - (BAI-BAITANG)

Kung kayo ay kailangang-maligo ay maligo kayo

Sinabi ni Allāh: (Kung kayo ay kailangang-maligo ay maligo kayo) (The Noble Qur'ān 5:6)

**Panghuli, basain ang buong katawan
simulant sa bahaging kanan.**

**Buhusan ng tubig ang ulo;
kailangang mabasa ang anit. Hindi
na kailangan sa babae na kalagin
ang nakalugay na buhok.**



6



5

**Isagawa ang kompletong
paghuhugas (wudu')**



4

**Hugasan ang mga
pribadong bahagi gamit
ang kaliwang kamay**



7

1



2



3



Hugasan ang mga kamay

**Hangarin (Niyyah) ng paglilinis sa
malaking karumihan (isapuso at
hindi binibigkas)**

TAYAMMUM

PAGGAMIT NG LUPA SA PAGLILINIS

Sinabi ni Allāh: (Kung kayo ay mga may-sakit o nasa isang paglalakbay, o dumating ang isa sa inyo mula sa dumihan, o sumaling kayo ng mga babae at hindi kayo nakatagpo ng tubig, ay magsadya kayo sa isang lupang kaaya-aya at humaplos kayo sa mga mukha ninyo at mga kamay ninyo ng alikabok mula roon.) (The Noble Qur'ān 5:6)

Kailan isinasagawa ang Tayammum?

Ang *Tayammum* ay kapalit ng *wudu'*. Sa mga sumusunod na kalagayan ay gagamit tayo ng lupa o alikabok sa halip na mag-wudu sa pamamagitan ng tubig.

1. Kapag walang tubig at kahit naghnap subalit walang natagpuan.
2. Kapag kakaunti ang tubig na sapat lamang para inumin.
3. Kapag may sakit at ang paggamit ng tubig ay hadlang o makapagpapalala sa sakit.

Kailan nasisira ang Tayammum at kailan ito hindi ipinahihintulot na gawin?

Ang mga nakasisira sa *tayammum* ay kagaya rin sa mga nakakasira ng *wudu'*. Ang dag-dag na nakakasira ay ang pagkakaroon ng tubig at kakayanang gawin wudu, sa ganitong kalagayan, hindi maaaring magdasal sa *tayammum*. Bagkus, kailangang mag-wudu gamit ang tubig upang makapagdasal.

⚠️ Maaaring magdasal ng iisang *tayammum* nang higit isang pagdarausal hangga't hindi ang anumang nakasisira ng wudu.

PARAAN NG TAYAMMUM



1

Isapuso ang hangarin; sabihin ang Bismillāh (sa ngalan ni Allāh); idampi ang mga palad sa lupa nang isang ulit.

2

Ipusas sa mukha nang isang ulit (mas mabuting hipan muna ang mga alikabok bago ito ipunas sa mukha).

3

Panghuli, punasan ang mga kamay hanggang pulso. Sa ganito nakompleto ang *tayammum*.

Ipinakita ng Propeta ﷺ kay Amār ﷺ ang paraan ng paghuhugas; sinabi niya ﷺ: (Sapat na ganito lamang ang gawin mo. Pagkatapos ay idampi ng Propeta ﷺ ang mga kamay niya sa lupa at hinipan ang mga alikabok at ipunas ito sa mukha niya at mga kamay.) (Al-Bukhārī)

PAGPUNAS SA IBABAW NG MEDYAS NA BALAT (KHUFF)

Inulat ni Al-Mughira ibn Shu'ba ﷺ:

Minsan na nakasama ko ang Propeta ﷺ, siya ay nag-wudu at ako naman'y nagmadali upang hubarin sana ang mga medyas niya. Sinabi niya: "hayaan mo iyan, sapagkat isinuot ko iyan pagkatapos na ako nakapag-wudu". Pinunasan niya ang ibabaw nito.) (Al-Bukhārī & Muslim)

Ang kundisyon sa pagpunas sa ibabaw ng medyas (balat or tela)

Maaaring magpunas sa ibabaw ng medyas kung umiiral ang sumusunod na mga kundisyon:

1. Pagsuot ng medyas kapag nakapag-wudu' kasama ang paghuhugas ng mga paa.
2. Ang mga medyas ay malilinis (walang dumi o hindi yari sa maruming materyal).
3. Ang pagpupunas ay pagkatapos ng maliit na karumihan lamang at hindi ang malaking karumihan na nangangailangang hubarin ang medyas at maliligo.
4. Ang mga medyas ay nakakatakip sa paa hanggang bukong-bukong.
5. Kailangang pasok sa ipinahihintulot na panahong itinagal. Ang naninirahan ay maaaring magpunas sa loob ng 24 oras at ang manlalakbay ay 72 oras. Magsisimula ang pagbibilang ng oras sa unang pagpunas sa medyas.



Kapag hinubad mo ang medyas pagkatapos na makapagpunas, hindi maaaring isuot muli at magpunas malibang magsagawa ng kompletong pag-wudu kasama ang paghuhugas ng mga paa.

PAANO PUNASAN ANG MGA MEDYAS

- Basain ang mga kamay ng tubig.
- Punasan ang kanang paa mula sa mga daliri ng paa Hanggang bukong-bukong.
- Ganon din ang gawin sa kaliwang paa.
- Maaaring mong punasan nang sabay ang dalawang paa (Ang kanang paa gamit ang kanang kamay at ang Kaliwang paa gamit ang kaliwang kamay).



Inulat ni Ali ibn Abi Talib ﷺ: "Kung ang relihiyon ay batay sa opinion, mas nararapat na magpunas sa ilalim ng medyas kaysa sa ibabaw, dahil sa nakita ko ang Sugo ni Allāh ﷺ na napupunas sa ibabaw ng medyas." (Abu Dawood, declared sound by Al-Albani)

REGLA AT PAGDURUGO PAGKATAPOS MANGANAK

Ipinagbabawal sa mga babae na magdasal at mag-ayuno habang may regla o pagdurugo pagkatapos ng panganganak. Hindi nila kailangan magdasal bilang kapalit sa mga nakalipas na dasal pagkatapos ng regla o pagdurugo sanhi ng panganganak; ang pag-aayuno lamang ang dapat bayaran.

Inulat ni Aisha رضي الله عنها: Sinabi ng Propeta صلوات الله عليه وآله وسالم sa akin, "Tumigil ka sa pagdarasal kapag nagsimula ang regla mo at kung ito'y natapos, hugasan mo ang dugo sa katawan mo (maligo) at simulan ang pagdarasal." (Al-Bukhārī)

Ang tagal ng regla at pagdurugo pagkatapos manganak

Walang tiyak na tagal ng panahon sa regla; subalit ang madalas na tagal nito ay anim o pitong araw.

Tungkol sa pagdurugong sanhi ng panganganak, hindi tiyak ang pinakamaikling panahon ng pagtigil pero ang pinkamatagal nito'y hindi lalampas sa apatnapung araw. Kapag natapos ng babae ang apatnapung araw, kailangan niyang maligo at magsimulang magdasal kahit may lumalabas pang dugo. Kailangan lang niyang mag-wudu sa bawat pagdarasal.

AL-ISTIHĀDAH

Ang *Al-Istihādah* ay ang pagdurugo ng babae na hindi tumitigil.

Naiulat mula kay Fatimah bint Abi Hubaish رضي الله عنها na siya ay may *Istihādah* at sinabi ng Sugo ni Allāh sa kanya:

"Kung ito ay regla, ito ay dugong itim na makikilala, itigil mo ang pagdarasal, at kung hindi, mag-wudu ka sapagkat ito'y ugat lamang. (Al-Nasa'i, declared sound by Al-Albani)


Ang babaeng may *istihādah* ang tawag ay *Mustahādah*, at ito'y may tatlong kalagayan:

1. Kung alam ng babae ang tagal ng regla n'ya, dapat siyang tumigil sa pagdarasal sa takdang panahong iyon; at kapag natapos ang takdang panahong iyon, maligo at magsimulang magdasal. Sa pagdurugo, kailangan lamang niyang mag-wudu sa bawat pagdarasal na hindi kailangan pang maligo.
2. Kung hindi alam ng babae ang tagal ng regla n'ya, ngunit nakikilala naman niya ang kaibahan ng dugo ng regla (itim, makapal at may amoy) at ang ibang dugo (pula at walang amoy), kailangan n'yan tumigil sa pagdarasal sa panahong may dugo ng regla. Kapag tumigil ang regla, maligo at magsimula ng pagdarasal. Sa panahon ng ibang dugo, kailangan niyang mag-wudu sa bawat pagdarasal.
3. Kung ang babae ay walang tiyak na takdang tagal ng regla at hindi niya nakikilala ang kaibahan sa dalawang uri ng dugo, sa kalagayang ito, kailangan niyang tumigil sa pagdarasal batay sa karaniwang pagri-regla ng mga babae na anim o pitung araw; pagkatapos ay maligo at magdasal.



MGA PAGSASANAY

1. Banggitin ang dalawang karumihan:



2. Magbigay ng mga halimbawa sa bawat karumihan:

1. _____
2. _____

3. Ano-ano ang dalawang uri ng tubig? At lin ang maaaring gamitin sa paghuhugas at pag-inom?

1. _____
2. _____

4. Kailan nagiging marumi ang tubig?

1. _____
2. _____

5. Isulat ✗ o ✓ :

- a. Mabuti na maghugas gamit ang tubig na nagbago ang kulay, amoy o lasa dahil sa nahuluan ng dumi sa imburnal.....
- b. Kung nahuligan ng dumi ang malaking lawa at hindi nagbago ang kulay, amoy o lasa, mabuti itong gamitin sa paghuhugas.
- c. Mabuti na maghugas gamit ang tubig-dagat.....

6. Langyan ng o sa mga kundisyon ng paghuhugas:

- a. Kung ang isang hindi Muslim ay naghugas, tama ang wudu niya.....
- b. Maaaring maghugas nang walang *niyah* (hangarin) at ito ay tama.....
- c. Kailangang tanggalin ng babae ang kulay sa kuko bago maghugas.....
- d. Kabilang sa *Sunnah* (paraan ng Propeta) na bigkasin ang *niya* (hangarin).....
- e. Kailangan mong umiwas sa mga nakasisira ng wudu habang naghuhugas.....

7. Kung wala ang isa sa mga haligi ng paghuhugas, ito ay walang bisa; banggitin ang mga haligi ng wudu:



8. Banggitin ang mga nakasisira ng wudu:



9. Lagyan ng linya ang numero ayon sa pagkakasunod-sunod ng *Ghusl* (Paliligo)

- a. Isagawa ang kompletong wudu
- b. Sabihin ang Bismillāh
- c. Hugasan ang mga kamay
- d. Hugasan ang buong katawan, magsimula sa kanang bahagi
- e. Isapuso ang *niyah* (hangarin)
- f. Buhusan ang ulo, kailangang mabasa ang anit
- g. Hugasan ang mga pribadong bahagi gamit ang kaliwang kamay

1
2
3
4
5
6
7

10. Ang *Tayammum* ay paggamit ng lupa o alikabok bilang kapalit ng tubig sa paghuhugas; lagyan ng o ang mga alituntunin sa *tayammum*.

- a. Maaaring mag-*tayammum* ang isang taong may sakit at kung nakakasama sa kanya ang paggamit ng tubig.....
- b. Kung hindi naman nakakasama ang paggamit ng tubig ng isang may sakit ay maaaring mag-*tayammum*.....
- c. Kung ang tubig ay sapat lamang para pang-inom, maaaring mag-*tayammum*.....
- d. Nawawalan ng bisa ang *tayammum* kapag nangyari ang alin man sa mga nakasisira ng paghuhugas.....

11. Sa pinakabuod na salita, sabihin ang paraan ng *tayammum*.

12. Lagyan ng o ang mga alituntunin sa pagpunas sa medyas.

- a. Maaaring magpunas sa ibabaw ng medyas kahit isinuot mo ito nang walang wudu.....
- b. Kailangang aabot hanggang bukong-bukong ang medyas na maaaring punasan.....
- c. Ang nananatili ay may 72 oras na maaaring magpunas sa medyas.....
- d. Ang manlalakbay ay may 24 oras na maaaring magpunas sa medyas.....
- e. Magsisimula ang pagbibilang ng oras sa unang pagpunas sa medyas.....

13. Lagyan ng o ang mga alituntunin sa regla at pagdurugong sanhi ng panganganak.

- a. Hindi maaaring magdasal o mag-ayuno ang mga babae kung may regla o pagdurugong sanhi ng panganganak.....
- b. Ang pinakamatagal na panahon sa pagdurugo pagkatapos manganak ay 40 araw, pagkatapos ay maligo (*ghusl*) at magdasal.....
- c. Ang *Istihādah* ay ang patuloy na pagdurugo kahit natapos na ang regla.....
- d. Kung ang pagri-regla at pagdurugo ng babae pagkatapos ng panganganak ay tumigil, maghintay siya ng 2 pang araw saka maligo (*ghusl*) at magdasala.....

2

Ang Pagdarasal Ko


Ang PagdaraSal ay Ubligado

Ang pagdaraSal ay ubligado sa bawat Muslim; ang mga ubligadong pagdaraSal ay lima na isasagawa sa araw at gabi. Ang bawat dasal ay may takdang oras.


Sinabi ni Allāh: (Tunay na ang pagdaraSal, para sa mga mananampalataya, ay laging isang tungkuling tinakdaan ng panahon.) (The Noble Qur'an 4:103)

Mga Oras ng PagdaraSal


Ang bawat dasal ay may simula at katupusan ang oras na kung saan ay maaaring isagawa sa pagitan ng mga oras na ito. Ang sumusunod ay naglalarawan ng haba ng oras ng bawat dasal:



Dasal sa *Fajr*
(Bukangliwayway) - simula sa ika-2 bukangliwayway hanggang pagsikat ng araw



Dasal sa *Dhruh* (Tanghali)-magsisimula kapag ang araw ay lumampas sa katanghaliang tapat hanggang ang anino ng bagay ay kasing-tangkad nito.



Dasal sa *Asr* (Hapon) - Magsisimula sa pagtatapos *Dhruh* hanggang sa ang araw magkulay dilaw.

Dasal sa *Maghrib* (Paglubog ng araw) - Simula sa paglubog ng araw hanggang sa mawala ang liwanag nito.



Dasala sa *Ishā'* (Gabi) - magsisimula sa pagtatapos ng dasal sa *Maghrib* hanggang sa hating-gabi.

Inulat ni Abdullah ibn Amr رضي الله عنه: Sinabi ng Sugo ni Allāh عز وجل: Ang oras ng *Dhruh* ay kapag ang araw ay lumampas sa tanghaling-tapat at ang anino ng tao ay kasing-tangkad niya hanggang sa hindi pa dumating ang *Asr*; at ang oras ng *Asr* ay hanggang hindi pa dumilaw ang araw; at ang oras ng *Maghrib* ay hanggang hindi pa nawawala ang liwanag ng araw at ang oras ng pagdaraSal ng *Isha* hanggang sa hating-gabi at ang oras ng pagdaraSal sa umaga ay magsisimula sa paglabas ng bukang-liwayway hanggang sa hindi pa sumikat ang araw; kapag sumikat ang araw, huwag magdasal sapagkat ito'y sumisikat sa pagitan ng dalawang sungay ng demonyo. (Muslim)

Ang Pagdasal ba ay Pabigat o Biyaya?

Maaaring sinasabi ng ilan na ang *Salāh* ay pabigat subalit hindi ganito ang pag-iisip ng isang mananampalataya na nakalasap ng tamis ng pagpapakaalipin sa Nagmamay-ari ng mga langit at lupa. Nakakalungkot na sa tunay na buhay, may makikita tayo na nagsasakripisyo ng mas malaking pagpapakaalipin sa kapwa tao sa layuning magkamit ng pansamantalang pakinabang. Ang Nag-iisa at tanging dahilan ng pag-iral natin at nagkakaloob sa atin ay tunay ngang mas karapatdapat.

Ang pagdasal ay pangkaluluwang lunas sa kaibuturan ng buhay. Kung wala ito, kailanma'y hindi mapapanatag ang isang tao. Kung paanong nais nating maglinis sa mga katawan natin ng mga karumihan, ang *Salāh* naman ay naglilinis sa pangkaluluwang karumihan ng mga paghihirap at suliranin ng buhay sa mundong ito. Ang *Salāh* ang pinakamalakas na nagbubuklod sa atin at sa Isang lumikha sa atin; ito ang dahilan kung bakit ang pagdasal ay kinakailangan. Kagaya sa mga pagkain at inumin ay kailangan ng mga katawan natin, ang pagdasal ay kinakailangan para sa mga kaluluwa natin dahil ito ang sustansiya ng ating kapayapaan at kapanatagan.



Ang pagdasal ay hindi lamang nagpapakita ng pagsuko sa mga autos ng Isa na lumikha sa atin, bagkus ay magkakamit din tayo ng mga pakinabang sa buhay na ito bago pa ang kabilang buhay. Pakaisipin mo ito at ihambing ang mga nagdasal sa mga hindi nagdasal.

Inulat ni Abu Malik al-Harith bin Asim al-Asharee ﷺ na: sinabi ng Prophet ﷺ: "Ang *Salāh* (pagdasal) ay ilaw" (Muslim)

Si Allāh, ay hindi nangangailangan mga pagdasal natin; tayo ang nangangailangan sa Kanya sa bawat pagHINGA natin. Isaisip mo na sa tuwing nakatayo ka sa pagdasal, hindi ito pagbibigay kay Allāh ﷺ ng anumang pabor.



Sinabi ni Allāh: (O mga tao, kayo ang mga nangangailangan kay Allāh samantalang si Allāh ang Walang-pangangailangan, ang Kapuri-puri) (Ang Marangal na Qur'an 35:15)

Sinabi ni Allāh: (Kung tatangi kayong sumampalataya ay tunay na si Allāh ay walang-pangangailangan sa inyo. Hindi Niya ikinalulugod para sa mga lingkod Niya ang kawalang-pananampalataya. Kung magpapasalamat kayo ay ikasisiya Niya iyon para sa inyo.) (Ang Marangal na Qur'an 39:7)

Mga Kinakailangang Kundisyon Bago ang *Salāh*

Maliban sa pagiging Muslim, matino at nasa edad na ng pagkakaunawa (mga 7 taon), kinakailangan ang sumusunod na mga kundisyon (kung maaari)

Nasa kalinisan, i.e. mayroong *Wudu'* (Paghuhugas)

Sinabi ng Propeta ﷺ: (Hindi tatanggapin ni Allāh ang pagdarausal ng sinuman sa inyo kapag nagawa niya ang *Hadath* (i.e. utot, ihi...atbp.) hanggang sa siya'y maghugas) (Al-Bukhārī and Muslim)

1. Tiyakin na ang katawan, damit at lugar sa pagdarausal ay malinis at walang karumihan.

2. Pagtatakip ng *Awrah* (Pagsusuot ng tamang kasuutan)

Ang Lalaki ay nararapat na takpan ang pusod hanggang tuhod, at iniri-rekomenda na takpan din ang mga balikat kapag nagdadasal. Dapat na maluwang ang damit at hindi naaaninag.

Ang babaе ay kailangang magtakip ng buong katawan, maliban sa mga kamay niya't mukha. Dapat na maluwang damit at hindi naaaninag.

3. Ang oras ng pagdarausal ay nagsimula.

Sinabi ni Allāh: (Tunay na ang pagdarausal, para sa mga mananampalataya, ay laging isang tungkuling tinakdaan ng panahon.) (Ang Marangal na Qur'ān 4:103)

4. Pagharap sa *Qiblah* (Ang direksiyon ng Ka'bah).

Saan ka mang dako ng globo, kailangan mong magdasal na nakaharap sa Ka'bah sa Makkah. May mga pasadyang kumpas na makakatulong para makita ang dako ng Qiblah.

5. Ang hangarin

Latat na mga gawaing pagsamba ay nangangailangan ng hangarin bago ito isagawa. Ang hangarin ay nasa puso na kung saan ay balak na magdasal ng isang takdang dasal. Labag sa Sunnah na bigkasin ang balak.



Itinatagulin na kapag magdasal ay maglagay ng *hadlang* (*Sutrah*) sa iyong harapan upang walang dadaan sa harapan mo.

Inulat ni Abu Saeed al-Khudri ﷺ na sinabi ng Sugo ni Allāh ﷺ:

(Kapag ang sinuman sa inyo ay magdasal, humarap siya sa *surrah* at kailangan siya'y malapit dito.) (Abu Dawud, mapapanaligan ayon kay Al-Albani)

Ang *surrah* ay maaaring ding-ding, kama, upuan, aparador, puno, sasakyang ...at iba pa.; Mga halimbawa:



PAMAMARAAN NG SALĀH (BAI-BAITANG)

PAGSASAGAWA NG UNANG RAK'AH (YUNIT NG PAGDARASAL)

STEP 1

Hangarin



- Magkaroon ng intensyon bago ang pagdarausal.
- Ang intensyon ay gawain ng puso. Hindi ito binibigkas.
- Kasama sa intensyon kung anong pagdaraasan ang hangad mo isagawa.
- Ang pinakamahalaga: harangin mo sa iyong pagdarausal para lamang kay Allāh ﷺ.



Ang mga hakbang na ito sa ay pareho sa mga lalaki't babae.

STEP 2

Humarap sa *Qiblah*

- Ang *Qiblah* ay direksyon ng pagdarausal.
- Ang *Qiblah* ay nakaharap sa *Ka'bah*
- Ang Muslims ay hindi sumasamba sa *Ka'bah*



STEP 3

الله أَكْبَر
Allāhu Akbar

Takbeeratul Ihrām

Nagsisimula ang pagdarausal sa oras na itinaas mo iyong mga kamay (tingnan ang larawan) at sabihin:


الله أَكْبَر

Allāhu Akbar

(Si Allāh ay pinakadakila)

Itaas ng mga kamay mo kapantay ng mga balikat o ng mga tainga.

Kailangan mong tumingin sa lagar na pinagpapatirapaan



STEP 4

Bigkasin ang Al-Fātihah

Bigakasin ang Al-Fātihah + ilang mga talata

Bigkasin ito bago ang Al-Fātihah:

أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ

Aoothu billāhi minash-shaytānir-rajeem

(Ako ay nagpapakupkop kay Allāh laban sa sinumpang Satanas)

- Bigkasin ang Surah Al-Fātihah (pahina 44) tapusin ito kasama ang pagbigkas ng **أَمِين** Ameen
- Magpatuloy sa pagbigkas ng mga talata sa Qur'ān (mga pahina 45-53)



Sa pagdarausal, kailangan mong pagalawin ang mga labi mo sa anumang mga binibigkas.

STEP 5

Paglipat sa pagyuko (RUKU') na kalagayan

Bago magyuko, itaas ang iyong mga kamay ayon sa makikita sa larawan at habang papayuko, sabihin:

الله أَكْبَر

Allāhu Akbar

(Si Allāh ay pinakadakila)



STEP 6

RUKU'/ Yuko


Bigkasin habang pinagagalaw ang mga labi mo

سُبْحَانَ رَبِّيَ الْعَظِيمِ (3x)

Subhāna rabbiyal-Atheem (tatlong ilit)

(Kaluwalhatian sa Dakila kong Panginoon.)

Yumuko nang pantay ang likod mo't ulo at panatilihin ang paninig sa lupa



Ilagay ang mga kamay mo sa mga tuhod nang magkakahiwatalay ang mga dalili na makikita sa larawan

سَمِعَ اللَّهُ لِمَنْ حَمَدَهُ

Samial-lāhu liman hamidah

STEP 7

Paglipat sa I'tidāl (pagtayo pakatapos ng yuko) na kalagayan

Habang kumikilos patungo sa I'tidāl na kalagayan, ituwid ang katawan at sabihin:

سَمِعَ اللَّهُ لِمَنْ حَمَدَهُ⁽¹⁾

Samial-lāhu liman hamidah

(Dinidinig ni Allāh ang sinumang pumupuri sa Kanya.)

(1) Bigkasin mo ito kung nagdadasal kang mag-isa, pero kung ika'y nasa grupong pagdarasal (*jamā'ī*) hindi ito binibigkas, sa halip ay lumipat ka sa step 8 sa ibaba.



رَبَّنَا وَلَكَ الْحَمْدُ

Rabbanā walakal-hamd

STEP 8

I'tidāl (Pagtayo pagkatapos ng yuko)

Habang nasa I'tidāl (pagtayo pagkatapos ng yuko) na kalagayan, sabihin:

رَبَّنَا وَلَكَ الْحَمْدُ

Rabbanā walakal-hamd

(Panginoon naming, para sa lyo ang papuri)



STEP 9

Paglipat sa Unang Pagpapatirapa (SUJOOD) na kalagayan

Habang kumikilos upang magpatirapa, sabihin:

الله أَكْبَر
Allāhu Akbar
(Si Allāh ay pinakadakila)

الله أَكْبَر
Allāhu Akbar



STEP 10

Uang Pagpapatirapa (SUJOOD)

Habang nakapatirapa, sabihin:

سُبْحَانَ رَبِّيِ الْأَعْلَى (3x)
Subhāna rabbiyal-A'Alā
(tatlong ulti)

(Kaluwalhatian sa Pinakamataas kong Panginoon.)

سُبْحَانَ رَبِّيِ الْأَعْلَى (3x)
Subhāna rabbiyal-A'Alā



Pitung (7) bahagi ng katawan ay kailangang nakalapat sa lupa hapang nakapatirapa:
1. Ang mukha (noo at ilong)
2&3. Ang dalawang mga kamay
4&5. Ang dalawang mga tuhod
6&7. Ang dalawang mga paa, mga daliri ng paa



Itinatagubilin na ipagdikit ang mga paa at ang mga daliri nito ay nakabaliko sa Qiblah

STEP 11

Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa

Habang kumikilos patungo sa pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa, sabihin:

الله أَكْبَر

Allāhu Akbar

(Si Allāh ay Pinakadakila)

الله أَكْبَر
Allāhu Akbar



STEP 12

Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa

Whilst sitting between the two Prostrations, say:

رَبِّ اغْفِرْ لِي، رَبِّ اغْفِرْ لِي (2x)

Rabbigh-fir lee, rabbigh-fir lee. (two times)

(Panginoon patawarin mo ako, Panginoon patawarin mo ako.)

رَبِّ اغْفِرْ لِي (2x)
Rabbigh-fir lee



Anyong panlikod ng mga paa, mas mainam na nakabaliko ang mga daliri ng kanang paa sa *Qiblah*



الله أَكْبَر
Allāhu Akbar

STEP 13

Paglipat sa ika-2 Pagpapatira ng Kalagayan

Habang kumikilos tungo sa pagpapatirapa, sabihin:

الله أَكْبَر
Allāhu Akbar
(Si Allāh ay Pinakadakila)



سُبْحَانَ رَبِّيَ الْأَعْلَى (3x)
Subhāna rabbiyal-A'Alā.

STEP 14

Ang Ika-2 Pagpapatirapa

Habang nasa ika-2 pagpapatirapa na kalagayan, sabihin:

سُبْحَانَ رَبِّيَ الْأَعْلَى (3x)
Subhāna rabbiyal-A'Alā (three times)
(Kaluwalhatian sa Dakila kong Panginoon.)



PAGSASAGAWA NG IKA-2 RAK'AH (YUNIT NG PAGDARASAL)

STEP 15

Paglipat sa ika-2 Rak'ah na Kalagayan

Habang lumilipat sa ika-2 rak'ah tungo sa patayong kalagayan, sabihin:

الله أَكْبَر
Allāhu Akbar
(Si Allāh ay Pinakadakila)



STEP 16

Bigkasin ang Al-Fātihah + Ilang mga Talata

- Bigkasin ang Al-Fātihah (tingnan ang pahina 44) at pagkatapos nito'y sabihin **آمين** Āmeen
- Magpatuloy sa pagbigkas ng ilang mga talata sa Qur'an (tingnan ang mga pahina 45-53)



STEP 17

Sundin ang

STEP 4

hanggang

STEP 14

STEP 18

الله أَكْبَر

Allāhu Akbar

Paglipat sa TASHAHHUD na kalagayan

Habang papalipat sa *Tashahhud* na kalagayan, itaas ang katawan mo at sabihin:

الله أَكْبَر

Allāhu Akbar

(Si Allāh ay Pinakadakila)



الْتَّحِيَّاتُ لِلَّهِ وَالصَّلَوَاتُ وَالطَّيَّبَاتُ ، السَّلَامُ عَلَيْكَ أَيُّهَا النَّبِيُّ وَرَحْمَةُ اللَّهِ وَبَرَكَاتُهُ ، السَّلَامُ عَلَيْنَا وَعَلَى عِبَادِ اللَّهِ الصَّالِحِينَ . أَشْهُدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ ، وَأَشْهُدُ أَنَّ مُحَمَّداً عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ، وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ، وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا بَارِكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

At-tahiyatu lillahi wassalawatu wattayyibat, assalāmu alayka ayyuhan-nabiyyu warahmatul-lāhi wabarakātuh, assalāmu alayna waa la ibadil-lahis-saliheen. Ash-hadu an lā ilāha illal-lāh, wa-ashhadu anna Muhammada abduhu warasooluh. Allāhumma salli ala Muhammadi wa-alā āali Muhammad, kama sallayta ala Ibraheema wa-alā āli Ibraheem, innaka Hameedun Majeed, wa barik ala Muhammadi, wa-alā āli Muhammad, kama barakta ala Ibraheema wa-alā āli Ibraheem, innaka Hameedun Majeed.

STEP 19

TASHAHHUD

Habang nasa Tashahhud na kalagayan, bigkasin ang dua' (panalangin) kagaya sa itaas na nangangahulugan ng:

'Ang mga pagbati ay ukol kay Allāh, at ang mga dasal at mga mabubuting gawa. Ang kapayapaan ay sumaiyo, O Propeta at ang awa ni Allāh at biyaya Niya. Ang kapayapaan nawa ay sa Kanya at sa mga matutuwid na lingcod ni Allāh. Sumasaksi ako na walang diyos kundi si Allāh, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal; at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Lingcod Niya at Sugo Niya'

'O Allāh, basbasan Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagbasbas Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. O Allāh, pagpalain Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagpapala Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati'

Itaas ang
hintuturo mon a
nakaturo sa
Qiblah



Anyong panlikod ng mga
paa sa unang TASHAHHUD

PAGSASAGAWA NG IKA-3 RAK'AH (YUNIT NG PAGDARASAL)

STEP 20

Paglipat sa Ika-3 Rak'ah na Kalagayan

Habang papalipat tungo sa patayong kalagayan ng ika-3 Rak'ah, sabihin:

الله أَكْبَر

Allāhu Akbar

(Si Allāh ay Pinakadakila)

At itaas ang mga kamay mo kapag nakatayo na kagaya sa makikita sa larawan:

الله أَكْبَر

Allāhu Akbar



Bigkasin ang Al-Fātihah

STEP 21

Bigkasin ang Al-Fātihah

Bigkasin ang Surah Al-Fātihah (tingnan ang 44) at sabihin ang **آمين** Āmeen



STEP 22

Sundin ang

STEP 4

hanggang

STEP 14

PAGSASAGAWA NG IKA-4 NA RAK'AH (YUNIT NG PAGDARASAL)

STEP 23

Paglipat sa Ika-4 na Rak'ah's na Kalagayan

Habang papalipat sa ika-4 Rak'ah, sabihin:


الله أكابر
Allāhu Akbar
(Si Allāh ay Pinakadakila)



STEP 24

Bigkasin ang Al-Fātihah

Bigkasin ang Surah Al-Fātihah (tingnan ang pahina 44) at sabihin ang آمين Āmeen



STEP 25

Sundin ang

STEP 4

hanggang

STEP 14

Ipagpatuloy
kasama ang

STEP 19

السلام عليكم ورحمة الله

Assalāmu alaykum wa
rahmatullāh

السلام عليكم ورحمة الله

Assalāmu alaykum wa
rahmatullāh

STEP 26

IKAHULING BAITANG: AT-TASLEEM

Sa pagtatapos ng pagdarasal, sundin ang sumusunod na mga hakbang:

Lumingon sa kanan, habang ginagawa ito, sabihin:
Assalāmu alaykum wa rahmatullāh

(Ang kapayapaan nawa ay sumainyo at awa ni Allāh)

Pagkatapos, lumingon sa kaliwa, habang ginagawa ito, sabihin:

Assalāmu alaykum wa rahmatullāh

(Ang kapayapaan nawa ay sumainyo at awa ni Allāh)



Ang *Sunnah* (itinatagubilin) sa pag-upo sa huling Tashahhud:



Anyong panlikod ng mga paa
sa huling TASHAHHUD para
sa 3 rak'ah or 4 rak'ah



Anyong panlikod ng mga paa sa
huling TASHAHHUD para sa 2
rak'ah, gaya sa pagdarasal sa Fajr.

| | Unang Rak'ah | Ika-2 Rak'ah | Ika-3 Rak'ah | Ika-4 Rak'ah |
|---------|---------------------|--|--|--|
| Fajr | Sundin steps 4 - 14 | Sundin steps 15 – 19 HULING TASHAHHUD + HULING HAKBANG: Step 26 | | |
| Dhuhr | Sundin steps 4 - 14 | Sundin steps 15 – 19 UNANG TASHAHHUD | Sundin steps 20 - 22 | Sundin steps 23 - 25 HULING TASHAHHUD + HULING HAKBANG: Step 26 |
| Asr | Sundin steps 4 - 14 | Sundin steps 15 – 19 UNANG TASHAHHUD | Sundin steps 20 - 22 | Sundin steps 23 - 25 HULING TASHAHHUD + HULING HAKBANG: Step 26 |
| Maghrib | Sundin steps 4 - 14 | Sundin steps 15 – 19 UNANG TASHAHHUD | Sundin steps 20 - 22 HULING TASHAHHUD + HULING HAKBANG: Step 26 | |
| Ishā' | Sundin steps 4 - 14 | Sundin steps 15 – 19 FIRST TASHAHHUD | Sundin steps 20 - 22 | Sundin steps 23 - 25 HULING TASHAHHUD + HULING HAKBANG: Step 26 |

Mga Yunit(Rak'ah) ng mga Ubligadong Pagdarsal



- Pagdarsal sa Fajr ay 2 Rak'ah (Yunit ng Pagdarsal)
- Pagdarsal sa Dhuhr ay 4 Rak'ah (Yunit ng Pagdarsal)
- Pagdarsal sa Asr ay 4 Rak'ah (Yunit ng Pagdarsal)
- Pagdarsala sa Maghrib ay 3 Rak'ah (Yunit ng Pagdarsal)
- Pagdarsala sa Ishā' ay 4 Rak'ah (Yunit ng Pagdarsal)

Paano makamit ang

pagmamahal ni Allāh's ﷺ?

It is highly recommended to pray the optional prayers in addition to the 5 obligatory ones.

The Prophet ﷺ said, that Allāh ﷺ said: (And the most beloved thing with which My slave comes nearer to Me, is what I have enjoined upon him; and My slave keeps on coming closer to Me through performing Nawafil (prayer or doing extra deeds besides what is obligatory) till I love him) (Al-Bukhārī)

Mga Nakasisira sa Pagdarasal (*Salāh*)

Ang limang pagdarasal ay mahalaga sa buhay ng Muslim. Ito ang pinakamatatag na ugnayan ng mga tao sa kanilang Tagapaglikah. Dahil dito, habang nakatayo sa pagdarasal, isipin natin na nakatayo tayo sa harapan ng Hari ng mga hari, ang Kataas-taasan.

Sinabi ni Allāh: (Ano ang nangyayari sa inyo, hindi kayo natatakot kay Allāh sa kabunyian *Niya*) (Ang Marangal na Qur'an 71:13)

Dahil dito, kinakailangan na habang nadarasal, iwasan ang mga sumusunod na mga nakasisira ng pagdarasal.


- 1 • Mga nakasisira sa paghuhugas (*wudu'*) nakasisira din sa *Salāh*.
- 2 • Pagtawa na may kasamang tunog (hindi ngiti).
- 3 • Pagsasalita habang nagdarasal.
- 4 • Pagkain o pag-inom.
- 5 • Sinasandyan pagpapakita ng *awrah* (mga bahagi ng katawan na kailangang takpan sa pagdarasal).
- 6 • Pagdarasal sa iba pang direksyon maliban sa *Qiblah* (direksyon ng Ka'bah).
- 7 • Pagdarasal habang nalalaman mo na may dumi ka sa katawan o damit.
- 8 • Sinasadyang iwanan ang mga haligi (i.e. pagbigkas ng Al-Fātihah, pagyuko, pagpapatirapa ...atbp.)
- 9 • Tuloy-tuloy na paggalaw at mga gawang hindi bahagi ng *Salāh*.
- 10 • Sinasadyang hindi pagdarasal nang naaayon sa tamang pagkakasunod-sunod.



Iwasang gawin ang mga sumusunod sa *Salāh*, na hindi naman nakasisira sa *Salāh*:
Pagtingin sa langit, pagtingin sa paligid, pagpikit ng mata, paglapat ng buong kamay na kasama ang mga siko sa lupa sa pagpapatirapa o paggalaw na hindi bahagi ng *Salāh*.

MGA PAGSASANAY

1. Banggitin ang limang pagdarasal at mga bilang ng *rak'ah* (yunit):



2. Banggitin ang simula at huling oras ng bawat pagdarasal:

| | | |
|----------------------|---|----------------------|
| <input type="text"/> | • | <input type="text"/> |
| <input type="text"/> | • | <input type="text"/> |
| <input type="text"/> | • | <input type="text"/> |
| <input type="text"/> | • | <input type="text"/> |
| <input type="text"/> | • | <input type="text"/> |

Isulat ang ✗ o ✓ :

- a. Tinatanggap ni Allāh ﷺ ang pagdarausal ng hindi muslim.....
- b. Hindi tinatanggap ni Allāh ﷺ ang pagdarausal na walang *wudu'* (paghuhugas).....
- c. Kailangan nating humarap sa *Qiblah* kapag nagdarausal.....
- d. Maaaring magdasal ng *Dhuhr* sa oras na 10 o'clock bago ang tanghali.....
- e. Maaaring ipagsama ang limang pagdarausal bago matulog.....
- f. Kailangang bigkasin ang intensyon kung anong pagdarausal ang isasagawa mo...
- g. Ubligado sa bata ang pagdarausal kung siya ay wala pang 6 na taong gulang.....

3. Banggitin kung paano manamit ang lalaki't babae sa pagdarausal.

Ang Lalaki: _____

Ang babae: _____

4. Banggitin ang limang nakasisira sa *Salāh*.

| | |
|---|---|
| 1 | ● |
| 2 | ● |
| 3 | ● |
| 4 | ● |
| 5 | ● |

3

Ang Qur'ān Ko

Ang ay Qur'ān ay ang panghuling salita ni Allāh's ﷺ para sa sangkatauhan, na ipinahayag sa mahal na Propeta Muhammad ﷺ. Ito ay gabay ni Allāh's ﷺ sa mundo. Ang Qur'ān ang pinakamatibay na lubid ni Allāh's ﷺ; ang sinumang kumapit dito nang matatag, ito maggagabay sa kaligtasan. Inilarawan ni Allāh ﷺ ang epekto sa mga mananampalataya kapag nakikinig sa Qur'ān.

Sinabi ni Allāh: (Si Allāh ay nagpababa ng pinakamagaling na pahayag: isang Aklat na nagkakatugunan na nag-uulit-ulit. Nangingilabot mula rito ang mga balat ng mga natatakot sa Panginoon nila; pagkatapos ay lumalambot ang mga balat nila at ang mga puso nila sa pagkabanggit kay Allāh. Iyon ay patnubay ni Allāh; pinapatnubayan Niya sa pamamagitan niyon ang sinumang niloloob Niya. Ang sinumang pinaligaw ni Allāh ay hindi siya magkakaroon ng anumang tagapatnubay.) (Ang Marangal na Qur'ān 39:23)

Sinabi ni Allāh: (Ang mga mananampalataya lamang ay ang mga kapag nabanggit si Allāh ay nababagabag ang mga puso nila at kapag binikas sa kanila ang mga tanda Niya ay nadaragdagan sila ng pananampalataya at sa Panginoon nila nananalig sila.) (Ang Marangal na Qur'ān 8:2)

Hindi katulad ng mga tumangging sumampalataya, kapag narinig nila ang Qur'ān; inilarawan sila ni Allāh, na sinasabi: (At kapag nabanggit si Allāh nang Nag-iisa ay nayayamot ang mga puso ng mga hindi sumasampalataya sa Kabilang-Buhay at kappa nabanggit ang mga iba pa (na sinasamba) maliban sa kanya, sila ay nagagalak.) (The Noble Qur'ān 39:45)

Inilarawan ni Allāh ﷺ ang Qur'ān bilang gabay at lunas; sinabi Niya: (Sabihin mo: "Ito, para sa mga sumampalataya, ay isang patnubay at isang lunas; samantalang ang mga tumatangging sumampalataya, sa mga tainga nila ay may pagkabingi at ito sa kanila ay pagkabulag. Ang mga iyon ay tinatawag mula sa malayong pook.) (Ang Marangal na Qur'ān 41:44)

Pinuri ng Propeta ﷺ sa marami niya salita ang mga nagbabasa, nagsasaulo, nag-aaral at nagtuturo ng Qur'ān.

Inulat ni Ibn Mas'ud ﷺ:

Sinabi ng Sugo ni Allāh ﷺ, "Sinuman ang magbasa ng isang titik mula aklat ni Allāh, ibibilang ito sa kanya na mabuting gawa, at ang isang mabuting gawa ay may gantimpalang sampung dobli. Hindi ko sinasabi na ang Alif-Lam-Mim ay isang titik, ngunit ang Alif ay isang titik, Lam ay isang titik at ang Mim ay isang titik.) (At- Tirmidhi, mapapanaligan ayon kay Al-Albani)

Inulat ni Uthman ibn Affan ﷺ:

Sinabi ng Sugo ni Allāh ﷺ: (Ang pinakamabuti sa inyo ay ang nag-aaral ng Qur'ān at itinuturo ito.) (Al-Bukhari)

Inulat ni Abdullah ibn Amr ibn Al-'As ﷺ:

Sinabi ng Propeta ﷺ: (Sasabihin sa nagbabasa ng Qur'an sa Araw ng Pagbabangong muli: "Bigkasin mo at umangat ka (sa mga antas) kung paanong binabasa mo ito sa mundo. Ang pag-angat mo sa iyong antas ay nasa huling talata na bibigkasin mo.") (Abu Dawud and At- Tirmidhi, declared sound by Al-Albani)

Hiling ko kay Allāh ﷺ na gawin ang Qur'an bilang bukal ng mga puso natin, ilaw ng mga dibdib natin, pang-alis ng mga kalungkutan natin at ginhawa sa mga alalahanin natin at dalamhati.

Qur'ān: Mga Maiiksíng Kabanata (Surah)

Ang susunod ay ang pambungad na Surah ng Qur'ān (Al-Fātihah), na binibigkas sa bawat yunit (rak'ah) ng pagdarasal. Sinusundan ito ng huling siyam na surah ng Qur'ān. Ang pagsasaúlo ng Al-Fātihah ay ubligado upang makapagsagawa ng pagdarasal.

Surah 1: Al-Fātihah

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ



Bismil-lāhir-rahmānir-raheem

Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.

الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ

Alhamdu lil-lāhi rabbil ālameen

Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang

الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Ar-rahmānir-raheem

ang Napakamaawain, ang Maawain,

مَالِكِ يَوْمِ الدِّينِ

Māliki yawmid-deen

ang May-ari ng Araw ng Paggantimpala.

إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ

Iyyāka na'budu waiyyāka nasta'een

Sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong.

أَهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ

Ihdinas-sirātal mustaqeem

Patnubayan Mo kami sa tuwid na landasin:

صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَلَا الضَّالِّينَ

Siratal-latheena ana'mta alayhim ghayril maghdoobi alayhim walad-dāāl-leen
ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw.

Surah 106: Quraish



بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

١١ لِإِيْلَافِ قُرَيْشٍ

Le'eelafi quraysh

Dahil sa pagkahirati ng Quraysh

١٢ إِلَفِهِمْ رِحْلَةُ الشِّتَاءِ وَالصَّيْفِ

Eelafihim rihlatashitāāi was-sayf

sa pagkahirati nila sa katiwasayan sa paglalakbay sa taglamig at tag-init

١٣ فَلْيَعْبُدُوا رَبَّ هَذَا الْبَيْتِ

Falya'budoo rabba hathal bayt

ay sambahin nila ang Panginoon ng Bahay na ito,

١٤ الَّذِي أَطْعَمَهُمْ مِنْ جُوعٍ وَأَمْنَهُمْ مِنْ خَوْفٍ

Allathee ata'mahum min jooa'in waa'manahum min khawf

na nagpakain sa kanila mula sa pagkagutom at nagpatiwasay sa kanila mula sa pangamba.

Surah 107: Al-Maa'un



بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

١٠ أَرَعِيْتَ الَّذِي يُكَذِّبُ بِالْدِيْنِ

Ara'aytal-lathee yukath-thibu bid-deen

Nakita mo ba ang nagpapasinungaling sa Paggantimpala?

١١ فَذَلِكَ الَّذِي يَدْعُ الْيَتَيْمَ

Fathalikal-lathee yadua'ul yateem

Sapagkat iyon ay ang nagsasalya sa ulila,

١٢ وَلَا يَحُضُّ عَلَى طَعَامِ الْمِسْكِينِ

Wala yahuddu a'la ta'āmil miskeen

at hindi nanghihikayat sa pagpapakain sa dukha.

١٣ فَوَيْلٌ لِلْمُصَلِّيْنَ

Fawaylul ilmusalleen

Kaya kasawian sa mga nagdarasal,

١٤ الَّذِيْنَ هُمْ عَنِ صَلَاتِهِمْ سَاهُونَ

Allatheena hum a'n salatihim sahoon

na sila sa pagdarasal nila ay nagpapabaya,

١٥ الَّذِيْنَ هُمْ يُرَأَءُونَ

Allatheena hum yurāāoon

na sila ay nagpapakitang-tao,

١٦ وَيَمْنَعُونَ الْمَاعُونَ

Wayamna'oonal mād'oon

at nagkakait ng munting tulong

Surah 108: Al Kawthar



بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

إِنَّا أَعْطَيْنَاكَ الْكَوْثَرَ ۚ

Innā a'taynakal kawthar

Tunay na Kami ay nagbigay sa iyo ng Kawthar.

فَصَلِّ لِرَبِّكَ وَأَنْحِرْ ۚ

Fasal-lilrabbika wanhar

Kaya magdasal ka sa Panginoon mo at mag-alay.

إِنَّ شَانِئَكَ هُوَ الْأَبْتَرُ ۚ

Inna shāniaka huwal abtar

Tunay na ang nasusuklam sa iyo ay siya ang lagot sa pagpapala.

Surah 109: Al-Kaafiroon



بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

قُلْ يَا أَيُّهَا الْكَافِرُونَ ﴿١﴾

Qul ya ayyuhal kafiroon

Sabihin mo: "O mga tumatangging sumampalataya,

لَا أَعْبُدُ مَا تَعْبُدُونَ ﴿٢﴾

Lā a'abudu ma ta'budoon

hindi ko sinasamba ang sinasamba ninyo,

وَلَا أَنْتُمْ عَابِدُونَ مَا أَعْبُدُ ﴿٣﴾

Walā antum a'ābidoona ma a'bud

at hindi kayo mga sumasamba sa sinasamba ko;

وَلَا أَنَا عَابِدُ مَا عَبَدْتُمْ ﴿٤﴾

Walā ana a'bidun ma a'badtum

at hindi ako sumasamba sa sinasamba ninyo,

وَلَا أَنْتُمْ عَابِدُونَ مَا أَعْبُدُ ﴿٥﴾

Walā antum a'ābidoona ma a'bud

at hindi kayo mga sumasamba sa sinasamba ko;

لَكُمْ دِينُكُمْ وَلِي دِينٌ ﴿٦﴾

Lakum deenukum waliya deen

ukol sa inyo ang relihiyon ninyo at ukol sa akin ang relihiyon ko.

Surah 110: An-Nasr

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
إِذَا جَاءَ نَصْرٌ مِّنَ اللَّهِ وَالْفَتْحُ

Itha jā'a nasrul-lāhi walfateh

Kapag dumating ang pagpapawagi ni Allāh at ang pagsakop,

وَرَأَيْتَ النَّاسَ يَدْخُلُونَ فِي دِينِ اللَّهِ أَفْوَاجًا

Wara'aytan-nasa yadkhuloona fee deenil-lāhi afwāja

at nakita mo ang mga tao na pumapasok sa Relihiyon mula kay Allāh na mga pulu-pulutong,

فَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ وَأَسْتَغْفِرُهُ إِنَّهُ وَكَانَ تَوَابًا

Fasabbih bihamdi rabbika wastaghfirh, innahu kana tawwaba

ay magluwalhati ka kalakip ng papuri sa Panginoon mo at humingi ka ng tawad sa Kanya. Tunay na Siya ay laging Mapagpatawad.



Surah 111: Al-Masad

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

١ تَبَّتْ يَدَا أَبِي لَهَبٍ وَتَبَّ

Tabbat yadā abee lahabiw-watabb

Napahamak ang dalawang kamay ni Abū Lahab at napahamak siya!



٢ مَا أَغْنَى عَنْهُ مَالُهُ وَمَا كَسَبَ

Ma aghnā anhu māluhu wamā kasab

Walang naipakinabang para sa kanya ang yaman niya at ang anumang nakamit niya.

٣ سَيَصْلَى نَارًا ذَاتَ لَهَبٍ

Sayasla naran thata lahab

Papasok siya sa Apoy na may liyab,

٤ وَأُمَّرَأُهُ وَحَمَالَةَ الْحَطَبِ

Wamra'atuhu hammalatal hatab

at gayon din ang maybahay niya, ang tagapasan ng panggatong.

٥ فِي جِيدِهَا حَبْلٌ مِّنْ مَّسَدٍ

Fee jeedihā hablum-min masad

Sa leeg nito ay may tali mula sa linubid na himaymay.

Surah 112: Al-Ikhlaas

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

١ قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ

Qul huwal-lāhu ahad

Sabihin mo: "Siya, si Allāh, ay iisa.



٢ اللَّهُ الصَّمَدُ

Allāhu as-samad

Si Allāh ay ang Dulugan sa pangangailangan.

٣ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُوْلَدْ

Lam yalid walam yoolad

Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak,

٤ وَلَمْ يَكُنْ لَّهُ كُفُواً أَحَدٌ

Walam yakul-lahu kufuhan ahad

at walang isa na sa Kanya ay naging kapantay.

Surah 113: Al-Falaq

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ ﴿١﴾

Qul a'oothu birabbil falaq

Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukang-liwayway,



مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ ﴿٢﴾

Min sharri ma khalaq

laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya,

وَمِنْ شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ

Wamin sharri ghasiqin itha waqab

at laban sa kasamaan ng madilim na gabi kapag bumalot ito,

وَمِنْ شَرِّ النَّفَّاثَاتِ فِي الْعُقَدِ ﴿٣﴾

Wamin sharrin-naffathati fil a'uqad

at laban sa kasamaan ng mga *manggagaway na* palaihip sa mga buhol,

وَمِنْ شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ

Wamin sharri hasidin itha hasad

at laban sa kasamaan ng naiinggit kapag naiinggit ito.

Surah 114: An-Naas

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْنَّاسِ ﴿١﴾



Qul a'oothu birabbin-nās

Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao,

مَلِكِ الْنَّاسِ ﴿٢﴾

Malikin-nās

ang Hari ng mga tao,

إِلَهِ الْنَّاسِ ﴿٣﴾

Ilahin-nās

ang Diyos ng mga tao,

مِنْ شَرِّ الْوَسْوَاسِ الْخَنَّاسِ ﴿٤﴾

Min sharril waswasil khannās

laban sa kasamaan ng bumubulong na palaurong,

الَّذِي يُوَسِّعُ فِي صُدُورِ الْنَّاسِ ﴿٥﴾

Allathee yuwawisu fee sudoorin-nās

na bumubulong sa mga dibdib ng mga tao -

مِنْ أَلْجِنَةٍ وَالْنَّاسِ ﴿٦﴾

Minal jinnati wan-nās

na kabilang sa mga jinn at mga tao."

MGA PAGSASANAY

1. Isaulo ang Surat Al-Fātihah (Kabanata bilang 1)

I-download mo ang Surah sa mobile phone mo at lagi mo itong pakinggan hanggang sa lubusan mo itong mamemorya. Tandaan, upang ang pagdarausal mo ay maging wasto, kailangan mong maisaulo ang *surah* (Kabanata) na ito.

Ch. 1



2. Isaulo mo ang huling 3 Kabanata ng Qur'an; Kabanata 112, 113 and 114.

Syempre, habang marami kang naisaulo sa Qur'an mas Malaki din ang gantimpala.

Ch. 112

Ch. 113

Ch. 114



Listahan sa Ibādah ng Baguhan¹:

Inulat ni Ibn Umar :

Sinabi ng Propeta , "Lahat kayo ay mga pastol at may pananagutan sa kawan niya. Ang pinuno ay pastol at may pananagutan sa pinamumunuan niya, ang lalaki ay pastol sa pamilya niya, ang babae ay pastol at may pananagutan sa tahanan at mga anak ng asawa niya; lahat kayo ay mga pastol at may pananagutan sa kawan niya. " (Al-Bukhārī and Muslim)

| Pangalan ng Kapamilya o Kaibigan | |
|---|--|
| Tiyakin na ang mga sumusunod ay nauunawaan mabuti. Markahan lamang sa unahan ng bawat tanong kapag naunawaang lubos ng miyembro ng pamilya o kaibigan: | |
| 1. Banggitin ang mga uri ng tubig at alin ang maaaring gamitin sa wudu'? | |
| 2. Ano-ano ang 3 katangian ng tubig na kapag nagbago dahil sa dumi, ang tubig ay naging marumi? | |
| 3. Bago hugasan ang mga kamay sa wudu, ano ang dapat gawin? | |
| 4. Ipakita ang paraan ng paghuhugas/wudu. | |
| 5. Banggitin ang mga kundisyon ng paghuhugas. | |
| 6. Banggitin ang mga haligi ng paghuhugas. | |
| 7. Kailan nasisira ang – wudu'? | |
| 8. Ipakita ang paraan ng paliligo – <i>Ghusl</i> . | |
| 9. Ano ang gagawin kapag walang tubig na pang-wudu'? | |
| 10. Kailan kailangang mag-tayammum? | |
| 11. Ipakita ang paraan ng Tayammum. | |
| 12. Maaari bang magdasal nang higit isang pagdarasal sa iisang Tayammum o Wudu'? | |
| 13. Kailan maaaring magpunas sa mga medyas? (mga kundisyon) | |
| 14. Paano ang paraan ng pagpupunas sa mga medyas? | |
| 15. Gaano katagal ang nananatili at naglalakbay na maaaring magpunas sa mga medyas? | |
| 16. Kailan magsisimula ang pagbilang ng oras sa pagpunas sa mga medyas? | |
| 17. Maaari bang magdasal ang babaeng may regla o dugo sa panganganak? Kailangan ba niyang bayaran ang mga lumipas na pagdarasal? | |
| 18. Ilang mga pagdarasal ang ginagawa natin araw-araw? At ilang yunit ang bawat pagdarasal? | |
| 19. Kailang nagsisimula at nagtatapos ang bawat pagdarasal? | |
| 20. Banggitin ang mga kundisyon ng pagdarasal – <i>Salah</i> . | |
| 21. Ipakita ang paraan ng padarasal sa Fajr, magrib at Ishā'. | |
| 22. Banggitin ang 5 nakakasira sa pagdarasal. | |
| 23. Banggitin ang mga kinakailangang kundisyon ng kasuutan ng lalaki at babae sa <i>Salah</i> . | |
| 24. Bakit kailangan nating maisaulo ang surat Al-Fātihah? (Kabata 1 ng Qur'ān) | |
| 25. Bigkasin ang surat Al-Fātihah. | |
| 26. Bigkasin ang huling 3 kabanata ng Qur'ān. | |

¹ Sa mga pampamilyang pagkakatipon o paglalakbay, maaaring itanong ng pinuno ng pamilya ang mga katanungang ito bilang pagtuturo o pagbabalik-aran sa mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan sa mga *Ibādah* (pagsamba) nila. Magbigay ng tanong at alamin kung sino ang makakasagot. Pagkatapos ay ipaullit sa iba pa ang tamang sagot. Kung ang lahat ay hindi makasagot, ang pinuno ng pamilya ay mamagitan at magbigay ng tamang sagot at ipaullit sa lahat ang tamang sagot.





Jam'ah District, Jeddah, KSA

00966-12-681-1112

00966-544999766

المكتب التعاوني للدعوة والشادوف على الجليل
في حرب حلا

